# TULUNGAN MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC.

Formerly: SRCDC Mutual Benefit Association Inc.

1199 Arbe Cmpd, McArthur Highway, Sumapang Matanda, City of Malolos, BulacanContact Nos. (044) 796-2532/0932-9223820 Email Address: srcdcmbai@yahoo.com

## KATITIKAN NG 2021 TAUNANG PAGPUPULONG

Petsa : December 18, 2021 8:30 ng umaga

MGA DUMALO:

1. Cristina L. Tumayo
2. Teresita C. Cruz
3. Ma.Gloria T. De Jesus
4. Teresita Ting
5. Felina C. Magno
6. Lolita C. Garvida
7. Alberto L. Tiongson
8. Carmencita C. Lopez
9. Adelaida C. David
10. Marcelina C. Caluag
11. Maria Luilla T. Salazar
12. Lydia A. Alcuriza
13. Hazel Ann L. Barera
14. Celine Ann Estrella
15. Ai Marcelo
16. Redel Santiago
17. Rafael Roque
18. Ernesto Briones

1. PAGPUPULONG

Pormal na binuksan ang Pagpupulong sa pamamagitan ng panalangin na pinangunahan ni Gng. Carmencita C. Lopez at pag-awit ng Lupang Hinirang na kinumpasan ni Dir.Teresita C. Cruz.

Kinumpirma ni Dir. Ma. Gloria De Jesus, Tagatalang kalihim, ang kasapatan ng bilang ng mga dumalo. Kasunod nito ang pagpapatibay sa mga nakatakdang Agenda.

Agenda:

1. Pagtalakay at Pagpapatibay ng Katitikan nang 2020 Taunang Pagpupulong.
2. Pag-uulat

3. Pagtalaga nang 2022 External Auditor
4. Pagpapatibay sa 2022 Development Plan at Budget
5. Malayang Talakayan
6. Adjournment

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang mga nakatakdang Agenda ng 2021 Taunang Pagpupulong(G.A. Resolution No. 01, series 2021)

1.1 Pagpupulong

Inihain ni Dir. Ma.Gloria De Jesus ang katitikan nang 2020 Taunang pagpupulong. Ipinaliwanag ni GM Malu Salazar na ang pangalawang taong pagpupulong na limitado lang ang naimbitahan ay sa kadahilanang patuloy pa ring nag-iingat sa banta ng Covid. Ngunit sa taong 2022 maaari nang pag-isipan ang ibang paraan para mas marami ang maaaring lumahok. Kanya ding ipinabatid na sa malayang talakayan ay maaaring magkaroon nang suhestyon ang lahat upang makapagpatibay ng akmang Pagpupulong at tama sa kakayahang pinansyal ng samahan. Binigyan nang pagkakataon ang mga dumalo na makapagbigay nang komento kaugnay sa katitikang inihain bago ito pagtibayin. Ipinaliwanag ni GM Maria Luilla Salazar na maaari pa din itong pag-usapan sa malayang talakayan, kailangan lamang isulat ang katanungan o paglilinaw at isumite bago matapos ang mga pag-uulat. Dahil sa walangnagkomento, Iminungkahi ni Dr. Lolita Garvida at pinangalawahan ni Gng. Adelaida David na pagtibayin ang katitikan noong 2020 Taunang Pagpupulong.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang katitikan ng 2020 Taunang Pagpupulong
(G.A. Resolution No. 02, series 2021)

1.2 Pag-uulat

Nagkaroon ng pag-uulat ang Tagapamahala GM Salazar tungkol sa mga naging accomplishment nang samahan sa taong 2021 at Tentative Financial Statement sa taong 2021 at 2022 Business Development at Budget. Nagkaroon din nang pag-uulat ang Compliance and Audit Committee sa mga nagawa ng Komite sa taong ito.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang pag-uulat ng Tagapamahala ganundin ang pag-uulat ng mga Komite para sa taong 2021.
(G.A. Resolution No. 03, series 2021)

1.3 Pagtatalaga ng External Auditor sa Taong 2021

Iminungkahi ni Dir. Felina Magno, Tagapangulo ng Compliance and Audit Committe na italaga ang Banaria, Banaria and Co. bilang External Auditor sa taong 2022.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay

ang pagtalaga sa Banaria, Banaria & Co. bilang External Auditor sa Taong 2021.
(G.A. Resolution No. 04, series 2021)

1.4 Malayang Talakayan

1. Adelaida C. David
   Iminungkahi ni Gng. Adelaida David na baka maaring pag-aralan nang samahan ang Facebook live na General Assembly upang mas marami ang makaattend sa ligtas na pamamaraan.

   Sinang-ayunan ni GM Malu ang mungkahi ni Gng. Adelaida David. Ngunit kanyang ipinaliwanag na pag-aaralan pa din ang magiging set-up nito at maaaring magkaroon din ng shared ideas ang lahat kung sakaling may alam na pagpupulong na ito ang set-up.

2. Marcelina M. Caluag
   Itinanong ni Gng. Marcelina Caluag kung ano na ang status ng SRCDC Case. Bilang Membership Coordinator sa Baranggay Bulihan, nahihirapan na siyang makakuha ng renewals dahil madalas siyang tanungin tungkol dito.

   Ipinaliwanag ni Dir. Cristina L. Tamayo na nakapagpadala na ng follow-up status ang samahan sa Insurance Commission. Kasalukuyan pa ding inaantay ang kasagutan dito. Hiniling din na huwag sanang pagsawaan ang pagpapaliwanag sa mga kasapi.

3. Carmencita C. Lopez
   Naibahagi din ni Gng. Carmencita Lopez ang mga kaparehas na sitwasyon. Ngunit kanyang ipinaliwanag na proteksyon ng kasapi ang insurance kaya huwag magpa-apekto sa kung anumang hindi pagkakaunawaan ng koop at Tulungan

ADJOURNMENT

Dahil sa wala nang tatalakayin ang pulong ay matagumpay na itinindig sa ganap naika-12:00 ng tanghali.

MA.GLORIA DE JESUS
Tagatalang Kalihim

BINIGYANG PANSIN:

| | | |
|---|---|---|
| CRISTINA L. TAMAYO | TERESITA C. CRUZ | TERESITA C. TING |
| FELINA C. MAGNO | LOLITA M. GARVIDA | MA.GLORIA T. DE JESUS |